Alinsunod sa batas ng California, dapat ibigay sa iyo ang sumusunod na abiso sa nakalimbag na anyo.

## **Abiso sa Pag-discharge**

May iba't ibang opsyon ang Stanford Medicine Children's Health para sa pababayad ng iyong mga singil sa pangangalagang pangkalusugan, kasama ang pinansyal na tulong, pangkawanggawang pangangalaga, o mga diskuwento sa aming mga pasyenteng walang insurance o hindi sapat ang insurance, at mga plano sa pagbabayad.  Tutulungan ka namin sa pagtukoy kung kwalipikado ka para sa pinansyal na tulong o kung mayroong mga programang maaaring makatulong para bayaran ang iyong mga medikal na serbisyo.

### **Paano Mag-apply**

Maaari mong i-access ang aplikasyon para sa Pinansyal na Tulong sa maraming paraan. Mangyaring bumisita online sa:

https://www.stanfordchildrens.org/content/dam/sch/content-public/patient-families/pdf/finance-assistance/financial-assistance-application-tagalog.pdf

o kaya ay maaari kaming magpadala ng aplikasyon kasama ng iyong mga pahayag sa pagsingil, o maaari kang makipag-ugnayan sa Serbisyo para sa Customer at magpapadala ng aplikasyon pagkatapos.

Maaaring kwalipikado ka para sa pinansyal na tulong batay sa laki ng iyong pamilya at kita, kahit na mayroon kang insurance sa kalusugan. Maaaring hindi saklawin ng pinansyal na tulong ang lahat ng gastusin sa pangangalagang pangkalusugan, kasama ang mga serbisyong ibinibigay ng iba pang organisasyon. Iginagawad ang tulong kung natutugunan mo ang mga alituntunin sa pinansyal na tulong kung saan kasama kung 400% o mas mababa sa Pederal na Antas ng Kahirapan ang kita ng iyong sambahayan. Ibabatay ang pagsasaalang-alang para sa mga serbisyo sa hinaharap sa medikal na pangangailangan at mga catastrophic na halaga.

Mangyaring humiling ng impormasyon sa desk sa pagpaparehistro o tumawag sa numero ng Serbisyo para sa Customer na nakalista sa ibaba para sa karagdagang impormasyon, o bisitahin kami online:

Tawagan kami nang Libre   (800) 308-3285

Lunes – Biyernes 8:00 am – 5:00 pm

Stanford MEDICINE
Children's Health

Online na website:

https://www.stanfordchildrens.org/en/patients-families/financial-assistance-english.html

**Mga Patakaran sa Pagbabayad nang May Diskuwento at Pangkawanggawang Pangangalaga**

Tingnan ang aming mga patakaran sa pinansyal na tulong at nauugnay na impormasyon sa iyong gustong wika sa sumusunod na website:

https://www.stanfordchildrens.org/content/dam/sch/content-public/patient-families/pdf/finance-assistance/financial-assistance-charity-care-policy.pdf

Maaari ka ring humiling ng kopya ng mga patakaran sa pinansyal na tulong sa pamamagitan ng pagtawag sa Serbisyo para sa Customer sa (800) 308-3285.

**Mga Mabibiling Serbisyo**

Mas mahusay na pamahalaan ang iyong pangangalagang pangkalusugan gamit ang tool na Pantantiya ng Halaga (Cost Estimator). Nag-aalok ang online na tool ng natural at madaling paraan para tantiyahin ang iyong mga gastos mula sa sariling bulsa sa pangangalaga para sa mga karaniwang eksaminasyon, pamamaraan, pagsusuri, at serbisyo, na binibigyan ka ng lakas na gumawa ng mga may-kaalamang pinansyal na desisyon tungkol sa iyong paggamot.

Makikita ang online na tool sa https://www.stanfordchildrens.org/en/patients-families/finance-assistance/cost-estimator.html

**Tulong sa Pagbabayad ng Iyong Singil**

May mga libreng organisasyon sa pagtataguyod para sa mamimili na tutulungan kang maunawaan ang proseso ng pagsingil at pagbabayad. Maaari mong tawagan ang Alyansa ng Mamimili sa Kalusugan (Health Consumer Alliance) sa 888-804-3536 o puntahan ang https://healthconsumer.org/ para sa higit pang impormasyon.

**California:** Maaaring kwalipikado ka para sa saklaw sa pangangalagang pangkalusugan sa ilalim ng Covered California. Mangyaring makipag-ugnayan sa Serbisyo para sa Customer sa impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa itaas para sa impormasyon tungkol sa programang ito.

**Programa ukol sa Reklamo sa Singil ng Ospital**

Ang Programa ukol sa Reklamo sa Singil ng Ospital (Hospital Bill Complaint Program) ay isang programa ng estado na sinusuri ang mga desisyon ng ospital ukol sa kung kwalipikado ka para sa

tulong sa pagbabayad ng iyong singil ng ospital.  Kung naniniwala kang nagkamali kang tinanggihan ng pinansyal na tulong, maaari kang maghain ng reklamo sa Programa ukol sa Reklamo sa Singil ng Ospital.  Pumunta sa https://hcai.ca.gov/affordability/hospital-fair-billing-program/hospital-bill-complaint-program/ para sa higit pang impormasyon at para maghain ng reklamo.

## Tulong sa Wika

PAALALA: Kung kailangan mo ng tulong sa iyong wika, mangyaring tumawag sa 650-497-8000 o bisitahin ang anumang lokasyon ng Stanford Medicine Children's Health. Magagamit nang 24/7 ang mga serbisyo sa interpretasyon.  Magagamit din ang mga pantulong at serbisyo para sa mga taong may mga kapansanan, gaya ng mga dokumento sa braille, malalaking titik, audio, at iba pang naa-access na elektronikong format.  Maa-access din ang mga telepono ng TTY.  Libre ang mga serbisyong ito.